

Mga pangunahing punto para **MAIWASAN** ang mga **AKSIDENTE** sa **TRABAHO** sa **AGRIKULTURA**



Ministry of Health, Labor and Welfare Hokkaido Labor Bureau
Obihiro Labor Standards Inspection Office

Hokkaido National University Organization
Obihiro University of Agriculture and Veterinary Medicine

Talaan ng mga Nilalaman

1	Pagkakaroon ng mga aksidente sa trabaho sa Agrikultura	2
2	Mga halimbawa ng mga aksidente na may kaugnayan trabaho sa Agrikultura	4
	Kaso ng sakuna 1 Naipit ang mga daliri sa kadena sa panahon ng maintenance work	4
	Kaso ng sakuna 2 Pagkaipit ng uniform sa Drive Shaft ng traktora habang umaandar ito	5
	Kaso ng sakuna 3 Pagkakahulog mula sa shovel bucket ng traktora	6
	Kaso ng sakuna 4 Pagkawalan ng balanse sa ibabaw ng step ladder at nahulog	7
	Kaso ng sakuna 5 Pagtalon mula sa truck bed na naging sanhi ng kagkaputol ng Achilles tendon	9
	Kaso ng sakuna 6 Nasagasaan ng potato harvester habang hinihila ng traktor	10
3	Mga halimbawa ng mga pagtataya sa panganib ~Paghula sa panganib at pag-iwas~	11
	Kaso ng panganib 1 Panganib sa umaandar na traktor sa bukid	11
	Kaso ng panganib 2 Mga panganib habang nagtatrabaho sa isang bunker silo	13
4	Mga kaso ng pagkakasakit ~Mga sanhi at pag-iwas~	16
	Kaso ng sanhi Ang pangangati ng balat na dulot ng slaked lime na ginagamit sa processing ng mga punla ng patatas na tumagos sa damit	16
5	Tungkol sa mga pamilyar na kemikal na palagiang ginagamit	17
	Ang mga kemikal na sangkap ay nasa paligid natin!	17
	Hanay ~Kagat ng bubuyog~	18
6	Mga pangunahing punto ng mga batas sa Industrial Safety and Health	19
	Nasabit o Pagkaipit sa makina	19
	Paliwanag ng pag-aangat at pagbababa ng kagamitan ukol sa pagkakarga at pagbabawas sa mga sasakyang pangkargamento	19
	Wastong paggamit ng mabibigat na makinarya tulad ng traktor at excavator	
	(Ang trabaho ay dapat gawin ng mga kwalipikadong tauhan / hindi awtorisadong paggamit ay ipinagbabawal / mga legal na inspeksyon ay dapat isagawa)	20
	Pagpapatupad ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan	22
	Pagpapatupad ng mga aktibidad ukol sa paghula ng panganib o hazard prediction (KY)	22
	Mga hakbang sa pag-iwas sa heat stroke	23
	Paglalatag ng mga washing facility at palikuran	23
	Pagpapatupad ng mga pagsusuri sa kalusugan	23
	Pag-iwas sa mga aksidente sa trabaho para sa mga dayuhang manggagawa	24
	Pagsusumite ng mga ulat tungkol sa mga casualty at sakit ng manggagawa	24

Sa mga nagdaang taon, lalong naging inkorporasyon ang industriya ng Agrikultura, dumarami ang bilang ng mga paggawa, ang kakulangan sa paggawa ay humantong sa pagtaas ng pagkuha ng mga dayuhang manggagawa. Sa mga abalang panahon, ang mga kontratista at part-time na manggagawa ay tinatanggap, kaya sa ngayon ay iba't ibang tao ang nakikita na magka-kasamang gumagawa. Sakabilang banda, ang Agrikultura ay naging ismarte na nagreresulta sa paggamit ng malalaking makinarya, nangangahulugan ito ng maraming pagkakataon para sa marami ang pakikipag-ugnayan ukol sa mga makina.

Bilang karagdagan, ang mga aksidente na nauugnay sa industriya sa Agrikultura ay tumataas din, ang kahalagahan ng mga hakbangin ng pamahala sa kaligtasan at kalusugan ay tumataas.

Dahil sa sitwasyong ito, nilikha ang polyetong ito sa pakikipagtulungan ng Obihiro Labor Standards Inspection Office ng Hokkaido Labor Bureau ng Ministry of Health, Labor and Welfare at ng Obihiro University of Agriculture and Veterinary Medicine ng Hokkaido National University Corporation, na may layuning higit pang isulong ang mga hakbang upang maiwasan ang mga aksidente sa industriya sa agrikultura.

1 Pagkakaroon ng mga aksidente sa trabaho sa Agrikultura

Ang **Hokkaido** ay isang lugar na may **madalas** na aksidente sa industriya

Ayon sa prefecture, ang pinakamataas na bilang ng mga aksidente ay sa industriya sa agrikultura as nangyayari sa Hokkaido.

Ang Ministry of Health, Labor and Welfare ay bumalangkas ng 14th Industrial Accident Prevention Plan at nagsusumikap na maiwasan ang mga aksidente sa industriya.

Matinding pinsala

Tingnan natin ang mga aksidente sa trabaho sa **Hokkaido**. Sinusuri namin ang mga aksidente sa trabaho sa agrikultura sa nakalipas na limang taon. (Reiwa 1 hanggang Reiwa 5)

Sa mga tuntunin ng kalubhaan ng mga pinsala, ayon sa edad, ang proporsyon ng mga pinsala na inaasahang magresulta sa higit sa isang buwang pagliban sa trabaho ay nagkakahalaga ng **higit sa 50%** sa karamihan ng mga pangkat ng edad. Ang proporsyon ng mga taong lumiban sa trabaho nang higit sa isang buwan ay tumataas sa edad, ngunit makikita na anuman ang edad, ang mga pinsala ay malamang na maging malubha.

Apektado **gaano man katagal** ang karanasan

Tagal ng karanasan sa trabaho ng mga biktima


Wala pang 1 taon (unskilled)

1 taon o higit pa ngunit wala pang 5 taon (nasanay lang)


5 taon o higit pa (skilled)

Kapag inuri, halos pareho ang porsyento, at makikita na pagdating sa agrikultura, ang mga tao ay apektado gaano man katagal ng kanilang karanasan.

Bilang ng mga apektadong tao sa Agrikultura ayon sa Prefecture (R 1 ~ R 5)



Bilang ng mga biktima ng agrikultura sa Hokkaido ayon sa pangkat ng edad at sa panahon ng bakasyon (R 1 ~ R 5)



Porsyento ayon sa karanasan (R 1 ~ R 5)



1 Pagkakaroon ng mga aksidente sa trabaho sa Agrikultura

Punto 1 mag-ingat sa mga makina

Ayon sa dahilan, ang mga aksidenteng pang- industriya na nag-uugnay sa makinarya ay humigit kumulang 60% ng lahat ng mga aksidente.

Gayundin,

Nahuli sa isang makina, napasama sa isang makina,

Pagkahulog mula sa isang hagdanan, atbp,


Pagkahulog sa isang bumagsak na daan,

Maraming ganitong kalamidad ang nangyari.

Mahalaga na **hindi ka lalapit o hawakan ang gumagalaw na makinarya.**

Unawain na ang mga gumagalaw na makina ay **hindi mapipigilan ng kapangyarihan ng tao.**

Ratio ayon sa causative agent (R1 ~ R5)



Ratio ng uri ng aksidente (R1 ~ R5)



Punto 2 maagang edukasyon at flexible na trabaho


Ang mga sakuna ay nangyayari sa buong taon, ngunit lalo na sa mga sumusunod.

Maraming sakuna ang nangyayari sa panahon ng pag-aani mula Hulyo hanggang Oktubre at ang panahon ng pagtatanim mula Abril hanggang Hunyo.

Ito ay mga **abalang oras at walang sapat na oras** upang magbigay ng sapat na pagsasanay sa kaligtasan.

Maaaring maiwasan ng mga magsasaka ang mga pinsala sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang may sapat na oras na nalalabi at pagtanggap ng pagsasanay sa kaligtasan. Ang pagsasanay sa mga manggagawa na mahulaan ang mga panganib at sa gayon ay maiwasan ang mga pinsala.

Bilang ng mga biktima ayon sa buwan (R1 ~ R5)



Mga pangunahing punto para sa mga hakbang upang maiwasan ang mga aksidente sa industriya batay sa itaas

Partikular na atensyon sa mga **mekanikal na sakuna**

- Isaalang-alang ang mga countermeasure batay sa mga kaso ng kalamidad (P 4 ~ P 10)
- Hulaan ang panganib sa pamamagitan ng pagtingin sa graph (P 11 ~ P 14)

Ang pag-unawa sa mga batas at regulasyon ay mahalaga

- Unawain ang mga pangunahing punto ng mga kaugnay na batas at regulasyon (P 19 - 24)
- Masusing pagsasanay, lalo na sa oras ng trabaho (P 22)

2 Mga halimbawa ng mga aksidenteng industriyal sa agrikultura ~mga sanhi at mga hakbangin~

Kaso ng sakuna 1



Paglabag sa batas (paghinto ng makinarya sa panahon ng inspeksyon, atbp.)
Artikulo 107 ng Industrial Safety and Health regulations

Naipit ang mga daliri sa kadena sa panahon ng maintenance work


Uri ng pinsala o sakit : pagkaputol ng kanang hintuturo, gitnang daliri at palasingsingan

Kalubhaan ng pinsala o sakit : 2 buwang walang trabaho

◆ Katayuan ng paglitaw ng kalamidad

Habang nagsasagawa ng maintenance sa isang fertilizer spreader na hindi **pinahinto ang makina** (at ang kadena ay tumatakbo pa rin), napalapit ang dulo ng daliri sa kadena na naging sanhi ng pagkaipit at pagkahuli nito sa pagitan ng **kadena at ng mga gear**.

Fertilizer Spreader



gumagalaw pa ang kadena

Mga lugar kung saan naipit at nahuli



◆ Dahilan

Pagsasagawa ng maintenance nang hindi **pinahinto** sa operasyon (kadena) ang makina.

◆ Pag-iwas

Itigil ang pagpapatakbo ng makina (kadena) bago magsagawa ng maintenance.

Kaso ng sakuna 2



Paglabag sa batas (pag-iwas sa mga panganib na dulot ng umiikot na mga shaft, atbp.) Artikulo 101 ng Industrial Safety and Health regulations.

Ang mga damit ng trabahador ay nahuhuli sa drive shaft ng traktor

Uri ng pinsala o sakit : Hemorrhagic shock

Kalubhaan ng pinsala o sakit : Binawian ng buhay

◆ Sitwasyon ng aksidente

Nang malapit na ako sa drive shaft ng traktor (PTO axis), sumabit ang damit ko na pangtrabaho.



Nasira ang
safety cover

Drive shaft (PTO axis)



◆ Dahilan

Nasira ang safety cover ng drive shaft, ngunit ang manggagawa ay nakasuot ng damit na madaling mahuli sa umiikot na baras.

◆ Pag-iwas

- ① Kung nasira ang safety cover, **takpan** ang drive shaft.
- ② Pumili ng mga damit pangtrabaho na hindi maluwa, i-zip ang mga ito, at ikabit ang cuffs ng mga manggas.



Nahulog mula sa balde ng isang tractor excavator

Uri ng pinsala o sakit : bali ang bungo, bali ang lumbar burst

Danyos ng pinsala : 5 buwang walang trabaho

◆ Pangyayari ng aksidente

Matapos i-leveling ang fertilizer na ikinarga sa kama ng isang dump truck (humigit kumulang 2.6 m ang taas), ang manggagawa ay **tumalon mula sa kama ng dump truck patungo sa balde ng tractor excavator** upang bumaba sa lupa, ngunit ito ay nahulog mula sa balde at **bumagsak sa lupa**.



Sinusubukang sumakay sa
balde ng tractor/pala



◆ Dahilan

Upang bumaba sa kama ng isang dump truck, sinubukan ng manggagawa na **tumalon mula sa kama patungo sa balde ng isang traktora/pala** nang hindi gumagamit ng hagdan o iba pang kagamitan.

◆ Pag-iwas

- ① Huwag gamitin ang balde ng traktora/pala na akyatan at babaan.
- ② Sakali man gamiting akyatan at babaan ang balde ng traktora/pala, gamitin ng nakalaang kagamitan (hagdan) sa pag-akyat at pag-baba.

Kaso ng sakuna 4

Nawalan ng balance at nahulog mula sa ibabaw ng isang stepladder.

Uri ng pinsala o sakit : bali ang kaliwang sakong

Kalubhaan ng pinsala o sakit : 3 buwang walang trabaho

◆ Pangyayari ng aksidente

Habang nagtatrabaho sa ibabaw ng isang **stepladder** para sa pag-aayos ng trak, nawalan ng balance at nahulog, kasamang bumagsak ang stepladder.



pag-akyat sa ibabaw ng stepladder



◆ Dahilan

- ① Paggamit ng stepladder na hindi tumutugma sa taas ng lugar ng trabaho.
- ② Paggawa sa ibabaw ng isang **stepladder**.

portable workbench



◆ Pag-iwas

- ① Bago gumamit ng stepladder, isaalang-alang ang iba pang pamamaraan (tulad ng paggamit ng portable workbench).
Kapag gumagamit ng stepladder, gumamit ng isa na angkop para sa taas ng trabaho.
- ② Huwag magtrabaho sa ibabaw ng **stepladder**.

i-click dito para sa wastong paggamit →

hindi tamang pamamaraan

nagtatrabaho sa ibabaw ng
stepladder



ang stepladder ay inilagay na
pahalang at hindi naka-ayon
sa lugar ng trabaho

hindi naka-lock



ang stepladder ay hindi
nakatayo sa patag na lugar

tamang pamamaraan

nakasuot ng protective
headgear (helmet)

isandal ang katawan sa
baitang ng stepladder,
upang maginhawang
mapatatag ang balanse ng
katawan

Pag-aayon ng stepladder
sa lugar ng trabaho



siguraduhing naka-lock
ang stepladder

itayo ang stepladder sa
isang patag na lugar

▼ I-scan ang QR code para mag-download ng leaflet at checklist para sa cautions ng mga hagdan at stepladder. (in Japanese only)

Iwasan natin ang mga aksidenteng
may kinalaman sa pagkahulog mula sa
mga hagdan at stepladder



Bago gumamit
ng hagdan



Bago gumamit ng
stepladder





Tumalon mula sa kama ng isang trak at naputol ang Achilles tendon.

Uri ng pinsala o sakit : Pagkaputol ng Achilles tendon sa kaliwang binti

Kalubhaan ng pinsala o sakit : 6 na buwang walang trabaho

◆ Sitwasyon ng pangyayari sa aksidente

Habang nagbababa ng kargamento mula sa kama ng trak, ang trabahador **hindi gumamit ng stepladder** pagbaba, siya ay **tumalon** mula sa kama ng trak. Dahil dito, naputol ang Achilles tendon ng kanyang kaliwang paa.



hindi gumamit ng
stepladder

1.5m ang taas

tumalon mula
sa trak . . .



◆ Dahilan

- ① Hindi paggamit ng stepladder, ng bumaba mula sa kama ng trak.
- ② Pagtalon nito mula sa kama ng trak.

◆ Pag-iwas

- ① Gumamit ng **stepladder** kapag aakyat o bababa ng kama ng trak.
- ② Huwag tumalon sa pagbaba ng trak.



Para sa mas ligtas sa paraan ng pag-akyat at pagbaba, ipina-payong gumamit ng stepladder na may handrail. (sangguniin ang p. 19)

Kaso ng sakuna 6

Nasagasaan ng isang taga-ani ng patatas na hinihila ng isang traktor

Uri ng pinsala o sakit : Maramihang trauma na sanhi ng full-body compression

Kalubhaan ng pinsala o sakit : Kamatayan

◆ Dahilan sa pangyayari ng sakuna

Nasagasaan ang biktima nang ito ay lumapit sa umaandar na potato harvester habang nag-aani ng patatas.

Traktor at Harvester



naglo-load ng mga
naaning pananim



lumapit habang
umaandar ito



(ang nakalarawan ay isang beet harvester)

◆ Dahilan

- ① Pagpasok sa pagitan ng traktor at harvester habang ito ay umaandar sa field.
- ② Paglapit sa umaandar na traktor at harvester.

◆ Pag-iwas

- ① Huwag pumasok sa pagitan ng traktor at harvester habang ito ay umaandar sa field.
- ② Tiyaking nakahinto na ang traktor at harvester bago lumapit dito.

3 Mga halimbawa ng mga pagtataya sa panganib ~ paghula sa panganib at pag-iwas ~

Batay sa mga halimbawa ng panganib na ipinakikilala sa ngayon, kailangang hulaan natin ang mga panganib at bumubuo ng countermeasure.

Step 1 Tignan ang larawan at hulaan ang mga panganib.

Hulaan natin ang mga panganib mula sa pananaw ng isang manggagawa.
Isang traktor ang bumibyahe malapit sa lugar ng trabaho ng manggagawa.

Kaso ng panganib 1

Panganib sa umaandar na traktor sa field

Habang nagtatrabaho sa field katulad ng nakalarawan, ang traktora ay umaandar din. Anong uri ng panganib ang maaaring mag-ugnay dito?

dilaw na towing car



traktora

Process 1 Pag-aralan ang layunin. Una, suriing mabuti.

Suriin kung paano umaandar ang traktorang ito. Para saan ginagamit ito.

Ito ay isang traktora na humuhubog ng hay roll.

Sa pangkalahatan, ang traktora ay may iba't ibang laki depende sa kanilang layunin, ang pinakamagaan ay tumitimbang ng humigit kumulang na 2 tonelada at ang pinakamabigat ay tumitimbang ng 6 na tonelada.

Ang nakalarawang dilaw na towing car ay kumukolekta ng mga dayaming pinatuyo at ito ay iniipon sa loob ng traktor upang itali at ihubog tulad ng rolyo. Parkatapos hubugin, ang mga rolyo ay inilalabas sa likurang bahagi ng traktor.



Process 2 Alamin ang daloy ng trapiko. Lalapit ba ito?

Suriin ang lugar ng trabaho, ang saklaw ng paggalaw ng traktor, at ang lugar kung saan pinalalabas ang mga hay rolls. Ang aksidente ay nangyayari kapag ang manggagawa at traktor ay magkalapit sa isa't isa.

Process 3 Asahan ang mga hindi inaasahang pangyayari at panganib.

Parehong manggagawa at traktor ay patuloy na gumagalaw. Ipagpalagay na ang isang manggagawa ay maaaring dumaan sa tabi ng traktor anumang oras. Ano ang mangyayari kung ang manggagawa ay napalapit sa traktor?

Lumitaw na bigla sa daraanan ng traktor ①

Hindi alam ng driver may tao sa daraanan, at kung mangyayari na hindi ka mapansin ng driver ay masasagasaan ka.



Nasagasaan habang nagmamaneho ②

Kahit na napansin ng driver ang manggagawa, wala siyang idea kung ano ang magiging reaksiyon ng manggagawa.



Tinamaan ng hay roll

Walang kamalay-malay ang driver na may tao sa labasan ng roll hay at maaaring ito ay masugatan kapag ito ay tinamaan ng lumabas na hay roll.

Nahuli sa makina habang inaayos ito

Habang isinasaayos mo ang makina, ay maaaring hilingin sa iyo na tumulong, dahil sa nagbuhol na sinulid. May panganib na mahuli ang kamay sa makina kung hahawakan mo ito habang umaandar ang makina.

~Saklaw ka ba ng Worker's Accident Compensation Insurance?~

Ang Worker's Accident Compensation Insurance ay isang sistema na nagbibigay ng mga benepisyo sa insurance para sa mga pinsala, karamdaman, kapansanan, at pag-kamatay na natamo sa trabaho o pag-commute.

Ang sapilitang pagsakop ay magagamit para sa mga korporasyon at lugar ng trabaho na may lima o higit pang regular na empleyado. Kung hindi mo pa nagagawa, dapat kang mag-apply kaagad.

Ang mga pinsala ay maaaring mangyari sa isang iglap.

Ang mga pinsala ay maaaring maging malubha, kaya siguraduhing maging handa.

Obihiro Labor Standards Inspection Office HP
「QR code for more information (Japanese only)」



Kaso ng panganib 2

Mga panganib kapag nagtatrabaho sa mga bunker silo

Ang mga bunker silo ay may kaginhawahan. Subalit nakagugulat na maraming aksidente ang nangyayari. Hulaan natin ang mga panganib sa pamamagitan ng pagsunod sa idea ng Hazard Predictor. Isang halimbawa, isipin na ikaw ay tumutulong sa trabaho sa isang bunker silo, habang papalapit ay nahilingan ka na magmaneho ng trak o mabigat na makinarya.



Process 1 Pag-aralan ang layunin. Una, suriing mabuti.

Trak ang nagdadala ng dent corn na inilalagay sa bunker silo.

Ipinakikita sa larawan sa kaliwa kung paano isiksik ang corn dent sa pamamagitan ng pagtapak dito gamit ang tractor shovel. Tinatakpan ito ng isang plastic sheet at bilang pabigat inilalagay sa ibabaw nito ang mga gulong atbp.

Gawain 1 Paglo-load

Ang dent corn inihahatid ng trak. Paano iniloload ng trak ang dent corn at paano inilalabas ang trak mula sa posisyon nito dito?



Gawain 2 Compaction

Ang traktor/shovel ay pumapasok sa bunker silo at umaakyat sa bunton ng dent corn. Nakatutulong ang bigat ng traktor/shovel sa pagpatag ng dent corn habang ito ay inilo-load. Siguraduhing magmaneho sa ibabaw nito na hindi masyadong matigas.



Gawain 3 Pagtatakip ng sheet

Matapos maipatag ang dent corn ay tatakpan ito ng isang plastic sheet, pagkatapos ang papatungan ito ng pabigat na tulad ng gulong atbp.

Ang gawaing ito ay karaniwang ginaganap na may antas na 2 metro high o pa.



Gawain 4 Pag-aalis ng sheet

Kapag mature na ang dent corn ay tatanggalin na ang nakatakip na plastic sheet.

Sa panahon ng tag-ulan ay maaari ding tanggalin ang nakatakip na sheet. Gayundin sa panahon ng tag-yelo.



Process 2 Alamin ang bawat galaw. Papalapit ba?

Dito, pag-isipan ang susunod na hakbang sa pag-aakala na kayo ay papalapit sa isa't isa.

Process 3 Asahan ang mga hindi inaasahang pangyayari at panganib.

Gawain 1

Makipag-ugnayan Masasagasaan



Maaring mapasama sa pagdidiskarga ng cargo bed

Habang naka taas ang platform sa mabilis na paggalaw ay nawalan ng balanse, ang sasakyan ay tumaob.

Gawain 2



Ang traktor at excavator ay

Nawalan ng balanse at nahulog

Tumama sa pader at ito ay tumaob

Gawain 3, 4



Ang manggagawa ay

Nawalan ng balanse at nahulog sa lupa

Nadulas sa vinyl sheet at nahulog

Step 2 Makipag-usap sa mga manggagawa, at mag-isip ng mga countermeasures.

Sinubukan naming hulaan ang mga panganib, ngunit alin ang magiging pinaka-epektibo sa mga tuntunin ng mga resulta? Ang may-ari ay dapat gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang mga aksidente sa lugar ng trabaho sa pamamagitan ng pag-tukoy ng mga potensyal na panganib.

Process 4 Mag set-up ng mga target.

► Mga halimbawa ng mga countermeasures para sa Hazard Prediction 1

Pagpapalagay Ang lokasyon sa field work ay nababago araw-araw.

Nagbabago rin ang bilang ng mga manggagawa at maging ang panahon.

Halimbawa, anong mga hakbang sa kaligtasan ang dapat gawin kapag nagtatrabaho sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon?

- Tinatayang uulan bukas ng hapon, kaya ang pag-aani ay gagawin sa umaga.
- May pastulan sa pagitan ng taniman at bodega na kung saan dinadala ang ani.
- Ang paglalagay ng mga inani sa bodega ay nangyayari ng halos isang beses bawat 30 minuto. Ang paglalakbay mula sa bukid patungo sa bodega ay tumatagal ng 5 minuto sa isang tuwid na linya, ngunit ang paglalakbay sa paligid ng pastulan na aabutin ng 10 minuto papunta sa bodega.

Pag-iwas 1 **Huwag lalapit sa pastulan**

Ito ang pinakaligtas na paraan sa pagtatrabaho. Gayunpaman, ang tanong kung ang 10 minutong pagkakaiba sa bawat round trip ay katanggap-tanggap. Alin ang mas mahalaga? Maaaring mag-shortcut ang ilang manggagawa. Ang mga maagang pagsasaayos ay kinakailangan upang matiyak na ang lahat ay lumayo sa pastulan.

Pag-iwas 2 Kapag papalapit sa tractor's working area

○ Gawin ang driver's **notice**

Isaalang-alang kung paano masisiguro na **mapapansin** ng driver ang papalapit na manggagawa. Ang visibility mula sa upuan ng driver ay may kahirapan. Kabilang sa mga posibleng paraan ay ang pagsusuot ng mga manggagawa ng **kapansin-pansing** kulay ng damit, gumamit ng whistle at gumawa ng malakas na ingay upang makatawag pansin, o tumawag sa cellphone ng driver kung may signal.

○ **Magpasya ng mga panuntunan kung paano dapat kumilos ang mga manggagawa kapag lumalapit sa isa't isa.**

Magpasya kung ang manggagawa o ang driver ang mauuna. Magtatag ng mga alituntunin, tulad ng **pagbusina** ng isang beses ay nangangahulugan na ang manggagawa ay may prayoridad, o dalawang beses na nangangahulugan na ang traktor ay may prayoridad. Siguraduhing i-post o ipaskil ang mga patakaran sa loob at labas ng traktor upang ipaalam sa lahat.

► Mga halimbawa ng countermeasures para sa Hazard Prediction 2

Talakayin at magpasya kung anong mga hakbang ang magagamit at kung alin ang ligtas na option.

Nasa ibaba ang ilang posibleng mga hakbang:

Gawain 1,2

- Huwag lumapit sa mga trak o tractor excavator.
- Dapat malaman ng mga driver ang kalagayan ng lupa, magmaneho nang dahan-dahan at mag-ingat.
- Ibaba ang loading platform o bucket bago bumaba at lumipat.

Gawain 3,4

- Huwag mag-stack ng dent corn ng masyadong mataas.
- Gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkahulog, tulad ng pagsusuot ng non-slip na sapatos at protective helmet upang maiwasan ang pinsala sa kaganapan ng pagkahulog.

4 Mga kaso ng pagkakasakit ~mga sanhi at pag-iwas~

Mga kaso ng sanhi

Ang slaked lime na ginamit sa paggamot sa mga punla ng patatas (seed tuber) ay tumagos sa damit at nagdulot ng pangangati ng balat.

Uri ng pinsala o sakit : Pamamaga ng magkabilang bisig

Kalubhaan ng pinsala o sakit : 1 buwang pagliban sa trabaho

◆ Katayuan ng paglitaw ng kalamidad

Ang biktima ay naglalagay ng slaked lime (calcium hydroxide) sa ibabaw ng mga hiniwang dulo ng patatas (punla o seed tuber) upang ma-disinfect ang mga ito. Nakasuot siya ng protective gloves at **telang manggas**. Habang ginagawa ang trabaho sa loob ng isang green house, ang mataas na temperature at humidity ay naging sanhi ng **pagkabasa ng mga manggas sa pawis**, na nagpahintulot sa slaked lime na tumagos sa mga manggas.

〈Likod ng slaked lime bag〉



◆ Dahilan

Nakasuot ako ng damit na may **telang manggas** na basang basa ng pawis.

◆ Pag-iwas

- ① Magsuot ng waterproof na mga damit sa trabaho at kagamitang pang-proteksyon na angkop para sa mga kemikal at kapaligiran sa trabaho.
- ② Suriin ang SDS at gumawa ng mga hakbang upang matugunan ang bawat panganib.

〈Halimbawa ng protective equipment〉



~ Magsagawa ng risk assessment ~

Kapag pinayagan ng employer ang mga trabahador na gumamit ang substance na under ng risk assessment ay dapat kumuha ng safety data sheet (SDS) at magsagawa ng risk assessment. Ito ay kinakailangan.

Upang maiwasan ang mga problema sa kalusugan ng mga trabahador, mahalagang maunawaan ang mga nakapipinsalang epekto ng mga kemikal na sangkap at magsagawa ng mga pag-iwas sa panganib.



Mga bagong regulasyon sa kemikal sa ilalim ng Industrial Safety and Health Act (Japanese)

5 Tungkol sa pamilyar na kemikal na palagiang ginagamit


◆ Ang mga kemikal na sangkap ay nasa paligid natin !

Kapag naririnig natin ang salitang [mga kemikal], malamang na mag-iisip tayo ng isang bagay na espesyal, na ginagamit sa mga lugar tulad ng mga **pabrika ng kemikal**. Gayunpaman, ang mga **spray na pang amag** na ginagamit natin araw-araw, **alcohol**, **kerosene**, at **gasoline** ay pawang mga dekalidad na kemikal.



◆ Paano matukoy ang mga kemikal na sangkap na nangangailangan ng countermeasures

Upang matukoy ang mga kemikal na nangangailangan ng mga espesyal na hakbang, mabisang hanapin ang mga **pictogram** sa mga lalagyan.



◆ Paano suriin ang toxicity ng mga kemikal na sangkap

Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga panganib ng mga kemikal na sangkap, matutukoy mo kung anong mga hakbang ang kinakailangan. Ang mga panganib ay inilarawan sa **Safety Data Sheet (SDS)**. Kunin ang pinakabagong SDS mula sa tagagawa at suriin ang 「2. Buod ng mga Hazard at Toxics」.



Mga Nilalaman ng SDS

1. Impormasyon ng Kemikal at Kumpanya
2. Buod ng mga Hazard at Toxics
3. Impormasyon ng Komposisyon at Sangkap
4. Mga hakbang sa First Aid
5. Mga hakbang sa Pag-apula ng sunog
6. Mga hakbang sa Pag-alis ng natapon
7. Mga Pag-iingat sa Paghawak at Pag-iimbak
8. Mga Kontrol sa Pagkalantad at Mga Hakbang sa Personal na Proteksyon
9. Mga Pisikal at Kemikal na Katangian
10. Katatagan at Reaksyon
11. Impormasyon sa Toxicology
12. Impormasyon sa Ekolohiya
13. Mga Pagsasaalang-alang sa Pagtatapon
14. Mga Pag-iingat sa Transportasyon
15. Mga Naaangkop na Batas at Regulasyon
16. Iba pang Impormasyon

◆ Mga tipikal na simbolo ng larawan ~ mga panganib at pag-iingat ~



Panganib

Madaling masunog, apoy

Mga pag-iingat

Ilayo ang mga pinag-mumulan ng apoy



Nakapipinsala

Sa respiratory system, balat at mata

Mga pag-iingat

Huwag uminom, Huwag manigarilyo, Huwag hawakan



Nakapipinsala

Sa balat at mata, pagkabulag

Mga pag-iingat

Wag mong hawakan



Nakapipinsala

Mga namamanang sakit, carcinogenicity

Mga pag-iingat

Huwag uminom, huwag manigarilyo, huwag hawakan

- Ang mga pictogram na ipinakilala dito ay madalas na nakikita sa mga lalagyan ng mga chemical na ginagamit sa panahon ng **pagpipinta**, **pagdidisimpekta**, at **paglilinis**.

- Suriin ang mga materyales gamit ang QR code at palalimin ang iyong pag-unawa sa mga kemikal na sangkap!



Kumilos gamit ang mga label



Ministry of Health,
Labor and Welfare HP
Material Publication Page

Hanay ~kagat ng bubuyog~



Sa region ng Tokachi, ang mga nakamamatay na aksidente na may kaugnayan sa trabaho nadulot ng mga naduro ng bubuyog ay nangyari sa loob ng dalawang magkasunod na taon, noong 2023 at 2024.

Ang mga bubuyog ay naglalaman ng “bee venom”, na ang mga pangunahing bahagi ay mga amine tulad ng histamine at serotonin. Kapag nasipsip sa katawan, ang lason na ito ay maaaring magdulot ng mga local reaction tulad ng pamamaga at pangangati, pati na rin ang mga systematic symptoms tulad ng mga pantal at Anaphylaxis. Ang Anaphylactic shock ay isang partikular na seryosong sintomas, at maaari itong humantong sa paghinto ng puso at paghinga sa loob ng maikling panahon, kaya kailangang ang pag-iingat.

Ang mga field ay madalas na matatagpuan malayo sa mga ospital, kaya maging handa sa pagbibigay ng first aid.

Ang mga natusok ng mga bubuyog ay partikular na nasa panganib ng anaphylactic shock, kaya ang mga manggagawa na nasa panganib ng isang matinding allergic reaction ay **dapat magdala** ng autoinjector (brand name: EpiPen)

Dapat gawin ng mga operator ang mga sumusunod na hakbang.

- 1 Suriin kung may infestation ng bubuyog sa lugar ng trabaho.

Suriin din ang mga hindi nagamit na bodega kung ito ay may bahay-pukyutan.

- 2 Maghanda ng mga kagamitang pang-proteksyon at first aid kit.

Magsaliksik ng mga karanasan sa naduro ng bubuyog nang maaga at maghanda ng pantanggal ng lason, Epinephrine, at kagamitang pang-proteksyon.

- 3 Educational Safety para sa pag-iwas sa mga aksidente sa industriya tulad ng “duro ng bubuyog”.

Paano gamitin ang mga kagamitan sa first aid, huwag hayaang magmaneho ang taong nabiktima, pagkumpirma at pagsasapubliko ng lokasyon ng mga ospital.

Maaaring mawawalan ng malay ang biktima sa loob ng 30 minuto matapos itong mabiktima. Mangyaring ihatid ito ng taong pinakamalapit sa panahon ng aksidente sa ospital.

Gumamit ng bee-proof na damit, bee-proof net, bee-proof gloves, atbp.

6 Mga pangunahing punto ng mga batas sa Industrial Safety and Health.

Nasabit o pagkaipit sa makina

- Maraming aksidente ang nangyari kung saan nahuli ang mga daliri sa mga conveyor o roller ng makinarya sa panahon ng pag-aani.
- Takpan o bakuran ang anumang bahagi ng makina, umiikot ang baras mga gear, pulley belt, atbp. na maaaring magdulot ng panganib sa mga manggagawa sa pamamagitan ng pagkakasabit o pagkakaipit sa makina.
- Regular na siyasatin at panatilihin ang mga kagamitang pangkaligtasan tulad ng mga takip at enclosure upang matiyak na hindi ito maiiwan at matatanggal.
- Kapag nag-aalis ng mga tangkay, dahon, o iba pang dayuhang bagay, siguraduhing ihinto ang makina, siyasatin ito, at alisin ang anumang mga bara.
- Kung huminto ang makina, mag-post ng karatula na nagsasabing “nagsasagawa ng pagsasaayos ng makina” at gumawa ng mga hakbang upang pigilan ang ibang mga manggagawa sa pagpapatakbo ng makina.

- Ang isa pang mabisang hakbang ay ang pag-visualize sa mga mapanganib na lugar at ibahagi ang mga ito sa mga manggagawa.
- Ang Obihiro Labor Standards Inspection Office ay lumikha ng mga larawang pang-edukasyon upang itaas ang kamalayan ng mahahalagang punto at nai-post sa mga website sa ibaba, kaya mangyaring gamitin ang mga ito.



- Dahil ang paglo-load at unloading ng kargamento sa mga trak ay madalas na sanhi ng mga aksidente, narito ang iba pang mga legal na regulasyon.
- Ang impormasyong ito ay ipinaalam ng Hokkaido Labor Bureau at mga kaugnay na organisasyon. Mangyaring tingnan sa ibaba para sa higit pang mga detalye.



改正のポイントと
Q&A (陸災防)

Mga kagamitan sa paglo-load at unloading ng kargamento sa mga sasakyang pangkargamento.


- Kapag ang paglo-load at unloading ng trabaho ay isinasagawa gamit ang isang trak ng kargamento na may maximum capacity ng 2 tonelada o higit pa, ang mga kagamitan sa pag-aangat ay dapat na mai-install kapag inilipat mula sa sahig hanggang sa tuktok ng kargada o mula sa ibaba (lupa) patungo sa platform ng trak.
- Dapat gamitin ang mga portable steps gaya ng mga step stool o mga hagdan na naka-install sa mga sasakyang pangkargamento.
- Kapag gumagamit ng hagdan na nakakabit sa isang trak, siguraduhing gumamit ng tatlong punto ng suporta.

Wastong paggamit ng mabibigat na makinarya tulad ng mga traktor at excavator


► Trabaho ng mga kwalipikadong tauhan

- Ang mga construction machinery na naka-mount sa sasakyan tulad ng mga tractors at excavator ay maaari lamang patakbuhan ng mga taong nakatapos ng mga technical courses sa pagsasanay. Kung kailangan mong magmaneho, kumuha ng tamang kwalipikasyon sa pagmamaneho.
- Halimbawa, ang mga sumusunod na makina ay hindi maaaring patakbuhan gamit ang isang lisensya sa pagmamaneho sa kalsada (malaking espesyal na lisensya ng sasakyan, atbp). Kung nais mong gamitin ang mga ito, dapat mong makuha ang naaangkop na mga kwalipikasyon.

Makinarya sa construction (Halimbawa)



Mga makinarya na pang-cargo handling na uri ng sasakyan (Halimbawa)



Mobile crane (Halimbawa)



Timbang ng makina

3t or more...**Skill Training Course**
Graduates

3t or less...**Special Education**
Graduates



Para sa impormasyon sa mga institusyong nag-aalok ng mga kurso sa pagsasanay sa kasanayan sa loob ng Hokkaido, mangyaring tingnan ang website ng Hokkaido Labor Bureau. (Japanese language)

Maximum load (maximum load capacity)

1t or more...**Skill Training Course**
Graduates

1t or less...**Special Education** Graduates

Lifting Load

5t or more...**License** (mobile crane operator)

1t more or less than 5t

... **Skill Training Course**
Graduates

1t or less ... **Special Education**
Graduates

Naganap ang mga aksidenteng dulot ng hindi lisensyadong pagmamaneho!

Gamit ang isang forklift, sinubukang alisin ang lalagyan ng gas sa loob ng greenhouse, may bahagyang slope sa labas ng greenhouse na naging dahilan upang tumagilid ang dalang lalagyan, tumama ito sa isang kalapit na manggagawa at nasugatan.

Sa isang sakahan, habang ang isa pang manggagawa ay naglalagay ng feed ng baboy sa isang feed bin, sinubukan ng forklift na ibaba ang isang 500 kg na bag ng feed (20-30cm ang laki) na nakasabit sa isang traktor/pala na pinapatakbo ng ibang manggagawa. Ang bag ay tumama sa ulo ng kalapit na manggagawa, na nagresulta sa pinsala.

► Pagbabawal sa hindi sinasadyang paggamit

- Ang paggamit ng mga construction machinery ay naka-mount sa sasakyan o sasakyan na may naka-mount na material handling at transport machinery maliban sa kanilang pangunahing layunin, tulad ng pagbubuhat ng mga kargada o pag-angat ng mga manggagawa ay isang paglabag sa batas.
- Sa pangkalahatan, ang pagpayag sa sinuman maliban sa driver na sumakay sa driver's seat ay isang paglabag sa batas.
- Ang paghahanda ng isang plano sa trabaho nang maaga ay nagbibigay-daan sa lahat ng manggagawa na matukoy ang mga potensyal na panganib, na tumutulong upang maiwasan ang mga hindi sinasadyang paggamit nito na nagiging sanhi mga aksidente sa banggaan.



⇒ Sa website ng Hokkaido Construction Industry Association Labor Research Group ay pwedeng ma-download ang isang sample form ng plano sa trabaho.

Isang aksidente dahil sa hindi sinasadyang paggamit ang naganap.

Ang isang fork loader ay ginamit upang ihatid ang mga lalagyan ng mga kalabasa mula sa isang sakahan patungo sa main house, na, sa ibabaw nito may nakasakay na ibang manggagawa. Sa biglaang pag-preno ng fork loader ay nahulog ang mga manggagawa na naging sanhi ng pinsala.

Sa isang sakahan, habang ang isang manggagawa ay nagpapatakbo ng shovel tractor at nagtutulak ng mga tambak gamit ang bucket nito, inaalalayan naman ng isa pang manggagawa ang mga tambak, nalaglag ang bucket at tumama ito sa manggagawa na naging biktima at nasugatan.

► Pagsasagawa ng mga inspeksyon ayon sa batas

- Dapat sumailalim sa taunang self-inspection ang mga construction machinery na naka-mount sa sasakyan at ang vehicle-mounted material handling at transport machinery isang beses sa loob ng isang taon, at buwanang self-inspection isang beses sa loob ng isang buwan. Bilang karagdagan, ang isang pre-work inspection ay dapat isagawa bago simulan ang trabaho.
- Ang taunang self-inspection para sa mga construction machinery at forklift na naka-mount sa sasakyan ay tinatawag na **mga partikular na self-inspection**, at dapat isagawa ng isang kwalipikadong inspector o isang rehistradong kumpanya ng inspeksyon.
- Ang pag-iinspeksyon lamang sa iyong sasakyan ay hindi nangangahulugang isang voluntary inspection.

Halimbawa ng target na makina	Taunan	Buwanan	Bago simulan ang trabaho
Construction machine na naka batay sa sasakyan (mga traktora, pala, drag shovel, dozer, atbp.)	 Partikular na voluntary inspection	☐	☐
forklift	 Partikular na voluntary inspection	☐	☐
shovel loader fork loader	☐	☐	☐
mobile crane	☐	☐	☐

Pagpapatupad ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan

- Sa agrikultura, maraming gawain na may kasamang panganib, tulad ng paggamit ng makinarya at kemikal. Kapag kumukuha ng mga manggagawa o nagbabago ng uri ng trabaho, ang mga employer ay dapat magbigay sa mga manggagawa ng edukasyong pangkaligtasan at kalusugan na may kaugnayan sa trabaho.
- Kapag pinag-aaralan ang mga kaso ng mga aksidente sa industriya, isang malaking bahagi ng mga ito ay sanhi ng kakulangan ng kaalaman tungkol sa trabaho at makinarya. Ang edukasyon sa kaligtasan at kalusugan ay ang batayan para maiwasan ang mga aksidente sa industriya, kaya siguraduhing ipatupad ito.


Nilalaman ng pagsasanay sa kaligtasan at kalusugan sa oras ng pagtatrabaho at kapag nagbago ang trabaho

- 1 Mga panganib o pinsala ng mga makina, hilaw na materyales, atbp. At kung paano pangasiwaan ito.
- 2 Mga paraan ng pagganap at pangangasiwa ng mga kagamitang pangkaligtasan, mga aparatong pang kontrol ng mapanganib na sangkap, at kagamitang pang proteksyon.
- 3 Mga pamamaraan sa trabaho.
- 4 Inspeksyon bago simulan ang trabaho.
- 5 Mga sanhi at pag-iwas sa mga sakit na maaaring mangyari sa kurso ng trabaho.
- 6 Mga bagay na may kinalaman sa organisasyon, pag-aayos, at pag-papanatili ng kaligtasan.
- 7 Mga hakbang sa emergency at evacuation, kung sakaling magkaroon ng aksidente.
- 8 Iba pang mga bagay na kinakailangan para sa kaligtasan o kalusugan ng trabaho.

Pagpapatupad ng mga aktibidad ng paghula sa panganib (KY)

- Kasama sa mga aktibidad sa paghula sa panganib o hazard prediction (KY) ang mga talakayan ng grupo tungkol sa mga panganib o hazard sa lugar ng trabaho (Kiken), gamit ang mga sheet ng paglalarawan ng mga sitwasyon sa trabaho o sa pamamagitan ng aktuwal na pagsasagawa ng trabaho, upang mahulaan o prediction (Yochi) at maiwasan ang mga aksidente nang maaga.
- Sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito, mapapabuti ng mga kalahok ang kanilang kakayahang tukuyin at lutasin ang mga potensyal na panganib at pinsala na maaaring naroroon sa kanilang trabaho o lugar ng trabaho.
- Magsimula tayo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga sumusunod na hakbang
 - ① Talakayin ang mga panganib na gawain sa mga grupo (mga 5 katao)
 - ② Papiliin ang mga opinion na ipinahayag, mga dalawa o tatlo
 - ③ Tanungin ng pinuno ang bawat miyembro kung paano sila kikilos (mga hakbang laban sa panganib)
 - ④ Magtakda ng mga layunin ng grupo batay sa mga opinion ng ③

Ang Ministry of Health, Labor and Welfare ay naglalathala ng mga ilustradong kaso ng muntik nang aksidente na maaaring magamit sa mga aktibidad sa paghula ng panganib.



Mga hakbang sa pag-iwas sa heat stroke

- Mangyaring tandaan ang mga sumusunod na punto upang maiwasan ang heat stroke
 - ① Iwasan ang init (magsuot ng sombrero at magsuot ng breathable clothes).
 - ② Uminom ng maraming likido (kailangan mo rin ng asin bilang karagdagan sa tubig).
 - ③ Pag-aangkop sa init (tatagal ng humigit-kumulang isang linggo ang para masanay ang iyong katawan sa init).
- Kung makakita ka ng isang taong pinaghihinalaan mong may heat stroke, gawin ang sumusunod
 - ① Ilipat ito sa isang malamig na lugar (kwartong naka-air condition, lilim)
 - ② Palamigin ang kanyang katawan (luwagin ang kanyang damit at palamigin ang leeg, kilikili, singit, atbp.).
 - ③ Hydration (mahalaga din ang asin bilang karagdagan sa tubig).
- Kung ang tao ay hindi makainom ng tubig nang mag-isa o walang malay, tumawag kaagad ng ambulansya

Mga uri	I degree	II degree	III degree
sintomas	pagkahilo, pananakit o paninigas ng kalamnan, labis na pagpapawis	sakit ng ulo, kakulangan sa ginhawa ng katawan, pagduduwal o pagsusuka, pagkapagod, panghihina	pagkawala ng kamalayan, kumbulsyon, mga karamdaman sa paggalaw ng mga limbs, hyperthermia

kalubhaan

kaunti



malaki

Mga pag-lalagay ng mga washing facility at palikuran

- kung ang katawan o damit ay nagiging marumi nang husto sa panahon ng trabaho, maglagay ng mga pasilidad sa paghuhugas ng mata at katawan, at mga dressing room.
- paghiwalayin ang palikuran para sa mga lalaki at babae, at lagyan ng pasilidad na hugasan ng kamay.

Pagpapatupad ng pagsusuri sa kalusugan

- Ang mga sumusunod na mga manggagawa ay dapat sumailalim sa isang pagsusuri sa kalusugan pagkatapos ng trabaho at (※) isang beses sa loob isang taon.

※ kung ang empleyado ay papasok sa trabaho na kinabibilangan ng late-night work (10 pm hanggang 5 am), ang panahon ay sa loob ng 6 buwan.

- ① Full-time employee
- ② Mga lingguhang naka-schedule na oras ng pagtatrabaho ay hindi bababa sa $\frac{1}{3}$ ng mga oras ng full-time na employee, at ang kontrata ay hindi tiyak.
- ③ Mga lingguhang naka-schedule na oras ng pagtatrabaho ay hindi bababa sa $\frac{1}{3}$ ng mga oras ng full-time employee, at ang panahon ng kontrata ay isang taon o higit pa (※).
 - ※ Kasama ang mga kaso kung saan ang pag-renew ay magpapalawig nang higit sa isang taon

- Dahil ang mga pagsusuri sa kalusugan ay kinakailangan ng batas, ang gastos ay sasagutin ng employer.

Pag-iwas sa mga aksidente sa trabaho para sa mga dayuhang manggagawa

- Dahil kakaunti ang kaalaman sa trabaho ng mga dayuhang manggagawa at mas may mataas na panganib na maaksidente sa lugar ng trabaho, mahalagang magbigay ng madaling mauunawaang edukasyon sa kaligtasan at kalusugan, hindi lamang sa salita kundi pati na rin sa paggamit ng mga kagamitan sa pagtuturo sa kanilang katutubong wika.
- Ang website ng Obihiro Labor Standards Inspection Office ay nagbibigay ng impormasyon kung paano gamitin ang mga sumusunod na kagamitan sa edukasyon at kaligtasan.



Obihiro Labor HP 「Foreign Workers」

► Mga halimbawa ng mga abiso sa pag-iwas sa kalamidad

Batay sa paglitaw ng mga aksidente sa region ng Tokachi, gumawa kami ng mga paglalarawan ng mga pag-iingat ng trabaho na nakasulat sa Japanese, Vietnamese, at Chinese, at nai-post ang mga ito sa website.



Halimbawa ng disaster prevention bulletin board

► 8 puntos upang maiwasan ang mga aksidente sa lugar ng trabaho

Gumawa kami ng mga leaflet sa wikang Japanese, Vietnamese, at Chinese na may layuning turuan ang mga empleyado kung paano mamuhay ng ligtas at secure ng buhay sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pangako (batas) at pagpapaliwanag ng walong puntos upang maiwasan ang mga aksidente sa lugar ng trabaho.

► Mga video, manga, at iba pang educational materials

Nag-aalok kami ng mga materials sa pagtuturo ng video at manga sa Japanese, Vietnamese, at Chinese, at iba pang mga wika.



Isang halimbawa ng video training materials

Pagsusumite ng ulat ng casualty at sakit ng manggagawa

- Kung ang isang manggagawa ay nasugatan o nagkasakit habang nagtatrabaho na nagresulta sa pagliban sa trabaho o pagkamatay, dapat kang maghain ng Worker Casualty o Illness Report.
- Kung hindi mo isusumite ang ulat na ito sa lalong madaling panahon o kung gagawa ka ng maling ulat (pagtatago ng aksidente sa industriya), maaari kang maparusahan.
- Kung ang isang ipinadalang manggagawa ay naapektuhan ng isang sakuna, ang kumpanyang nagpadala at ang employer ng ipinadalang manggagawa ay dapat magsumite ng form.
- Ayon sa prinsipyo, ang mga ulat ay dapat isumite sa elektronikong paraan, kaya mangyaring kumpletuhin ang pamamaraan dito.



Ministry of Health, Labor, and Health Website
「Input Support Service」

 Tanggalin ang mga aksidenteng dulot ng pagkahulog mula sa hagdan! p.8	 Bago gumamit ng hagdan/step ladder p.8
Impormasyon tungkol sa Workers' Accident Compensation System for Farmers  p.12	Mga bagong regulasyon ng Chemical Substance sa ilalim ng Industrial Safety and Health Act. Balangkas ng Cabinet Order Partially Amending ng Enforcement Order ng Industrial Safety and Health Act  p.16
 Kumilos gamit ang mga Label p.18	 《Kumilos gamit ang mga Label》 Upang isulong ang pangangasiwa ng Chemical Substance sa lugar ng trabaho (Website ng Ministry of Health, Labor and Welfare) p.18
Key Initiative②Dayuhang Manggagawa ※Mga larawang inilathala sa pahina (Website ng Obihiro Labor Standards Inspection Office)  p.19,24	Mga pangunahing punto ng bahagyang pagbabago sa Industrial Safety and Regulations, atbp., tungkol sa pagpapahusay ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkahulog sa panahon ng paglo-load at pagbabawas ng trabaho sa mga sasakyang pangkargamento.  p.19
 Pagsasanay sa kasanayan, practical na pagsasanay, at mga kurso sa pagsasanay batay sa Industrial Safety and Health Act. ※ Pahina ng mga rehistradong institusyong ng pagsasanay (Website ng Hokkaido Labor Bureau) p.20	 Mga form ng sangguniin sa kaligtasan ng lugar ng construction. (Website ng Hokkaido Construction Industry Association Labor Research Group) p.21
Lugar ng Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho ng mga Kaso sa Aksidente sa Trabaho (Website ng Ministry of Health, Labor ang Welfare)  p.22	Mga serbisyo ng suporta sa pag-input para sa pag-print ng mga form para sa abiso at mga application, atbp., na may kaugnayan sa Industrial Safety ang Health Act.  p.24

※ Ito ay isang listahan ng iba't ibang 2D code na nakalista sa dokumentong ito.

MEMO



Plan • Printing February 2025

**Hokkaido Labor Bureau
Ministry of Health, Labor and Welfare
Obihiro Labor Standards Inspection Office**

〒080-0016
3 Minami 7 Chome Nishi 6 Jyou Obihiro City
TEL : 0155-97-1244

**National University Corporation
Hokkaido University System
Obihiro University of Agriculture
And Veterinary Medicine**

〒080-8555
11 Nishi 2-Sen Inada Cho Obihiro City
TEL : 0155-49-5216